



## **SOBRANG BAYAD SA MGA MANGGAGAWA**

### **Ano ang sobrang bayad?**

Sa sandaling tanggapin ang iyong claim, ikaw ay may karapatan para sa isang takdang antas ng mga benepisyo mula sa amin. Kung makakatanggap ka ng mga benepisyo na hindi karapat-dapat para sa iyo, ikaw ay nabayaran nang sobra.

Kahit na ginagawa namin ang aming makakaya upang maiwasan ang sobrang bayad, minsan ay nagaganap ang mga ito.

### **Paano ako makakatulong na maiwasan ang sobrang bayad?**

Makakatulong kang mapaliit hangga't maari o maiwasan ang sobrang bayad kung tumawag ka sa oras sa iyong tagapasya o tagapangasiwa ng kaso kapag:

- ikaw ay bumalik sa trabaho
- ikaw ay nakatanggap ng iba pang mga benepisyo o kita (hal., mga benepisyo ng CPP para sa pagkabalda) habang tumatanggap ng mga benepisyo sa WCB; ang iyong Tagapasya (Adjudicator) o Tagapangasiwa (Case Manager) ng kaso ay magsasabi sa iyo kung ang iba pang mga benepisyo o kita ay makakaapekto sa iyong mga benepisyo sa WCB
- may pagbabago sa mga pangyayari na maaaring makaapekto sa mga benepisyong ibinayad sa iyo
- nalaman mo na ang iyong inulat na impormasyon ng kita ay mali kung saan ang iyong mga benepisyo sa WCB ay mas mataas kaysa sa iyong inaasahan; ang pagpapalit sa suweldo na mga benepisyo ay karaniwang binabayaran batay sa 90% ng iyong mga netong kita. (Maliban kung ang iyong mga kita bago ang aksidente ay mas kaunti o katumbas ng pinakamababang taunang kita na naitatag ng WCB. Sa ganitong kaso, babayaran ka namin batay sa 100% ng iyong mga netong kita. Tingnan ang "Pagkuwenta ng Mga Benepisyo sa Kawalan ng Suweldo (Calculation of Wage Loss Benefits)" ng Fact Sheet para sa karagdagang impormasyon.)

Ang iyong Tagapasya (Adjudicator) o Tagapangasiwa (Case Manager) ng kaso ay maaaring magpaliwanag kung paano kinukuwenta ang iyong mga benepisyo at gumawa ng mga pagbabago o iwasan ang sobrang pagbabayad.

### **Ano ang mangyayari makalipas na matiyak ang sobrang bayad?**

Sa sandaling matuklasan namin ang isang sobrang bayad, ipagbibigay-alam namin sa iyo upang sabihin sa iyo kung paano ito nangyari at ang halaga ng sobrang



bayad. Makikipagtulungan kami sa iyo upang itakda ang schedule sa muling pagbabayad.

Ipagbibigay-alam din sa iyong employer ang tungkol sa sobrang bayad.

### **Paano kung hindi ako naniniwalang ako ay nabayaran nang sobra?**

Kung makalipas na makatanggap ng paliwanag para sa sobrang bayad, ikaw ay hindi naniniwala na ikaw ay nabayaran nang sobra, maaari kang umapela sa pamamagitan ng kasulatan. Kung ikaw ay umapela tungkol sa sobrang bayad, pansamantala naming sususpindihin ang pagsingil hanggang matapos na makapagdesisyon sa apela. Kung saan, sa opinyon ng WCB, ang iyong mga isyu sa apela ay hindi nagbibigay ng makatuwirang dahilan para sa pagbabago sa iyong mga benepisyo sa sobrang bayad, magpapatuloy ang pagsingil.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-apela, makipag-ugnayan sa iyong unyon o Opisina ng Tagapayo ng Manggagawa.

### **Paano nababawi ng WCB ang mga bayad?**

Karaniwan, aming sinusubukan na bawiin ang buong halaga ng sobrang bayad sa loob ng isang taon, depende sa halaga na kailangang bayaran.

Kung patuloy kang nakakatanggap ng mga benepisyo makalipas na matuklasan ang sobrang bayad, aayusin namin ang pagbawas ng muling pagbabayad mula sa iyong lingguhang halaga ng benepisyo. Ang iyong Tagapasya (Adjudicator) o Tagapangasiwa (Case Manager) ng kaso ay sasangguni sa iyo upang matiyak kung magkano ang mababayaran mo kada linggo.

Kung hindi ka na tumatanggap ng mga benepisyo noong natuklasan ang sobrang bayad, maaari mong bayaran pabalik ang sobrang bayad nang buo o maaari mong aregluhin na bayaran ito pabalik nang hulugan. Ang mga kaayusan para sa muling pagbabayad ay magiging depende sa halagang kailangan mong bayaran at ang iyong kakayahang magbayad.

Maaaring mabawi rin ang mga sobrang bayad mula sa kahit na anong halaga na maaaring kailangan naming bayaran, tulad ng:

- panghinaharap na mga benepisyo sa iyong kasalukuyang claim
- panghinaharap na mga benepisyo sa ibang claim
- mga gantimpala para sa permanenteng kahinaan ng kakayahan
- pagbabalik ng bayad para sa mga gastusin ng WCB na iyong binayaran tulad ng mga reseta, mga gastos sa pagbiyahe, atbp.



- espesyal na dagdag na kabayaran o pangmatagalang kawalan ng suweldo na mga benepisyo
- ang mga halagang itinatabi ng WCB para sa mga interes sa pagreretiro (kabilang ang iyong mga boluntarong kontribusyon).

### **Paano kung hindi ko kayang bayaran pabalik ang sobrang bayad?**

Kung hindi mo kayang bayaran ang pera ngayon, tawagan ang iyong Tagapagpasya o Tagapangasiwa ng Kaso o ang aming Departamento ng Pagsingil. Tatalakayin nila ang iyong situwasyon sa pananalapi at susubukang ayusin ang ilang mga kasiya-siyang plano sa muling pagbabayad.

Kung aming isaalang-alang na ang muling pagbabayad ng sobrang bayad ay maaaring magdulot ng paghihirap sa pananalapi mo, aming pansamantalang ipagpapaliban ang pagsingil hanggang umunlad ang iyong kalagayan sa pananalapi. Inaasahan namin na sa hinaharap ay babayaran mo kami pabalik at pana-panahon ay makikipag-ugnayan kami sa iyo upang talakayin kung ang iyong kasalukuyang kalagayan ay humusay upang simulan ang muling pagbabayad.

### **Ano ang mangyayari kung hindi ko bayaran pabalik ang pera?**

Kung ayaw mong pag-usapan ang isang naaangkop na plano para sa muling pagbabayad sa loob ng isang makatwirang panahon, gagawa ng legal na pagkilos para singilin ang sobrang bayad mula sa iyo. Ang legal na pagkilos ay maaaring kabilangan ng lahat ng isa o ng lahat ng mga sumusunod:

- Pagbawas sa mga sahod o personal na account sa bangko.
- Paggagawad ng interes laban sa personal na ari-arian na nasa anyo ng pagbibigay ng karapatan sa ari-arian (lien).
- Pagsamsam sa mga ari-arian.

Ikaw ang mananagot sa pagbabayad ng mga gastos sa mga pagkilos na ito.

- Pagsangguni ng paniningil ng sobrang bayad sa isang panlabas na ahensiya, na maaaring makaapekto nang negatibo sa iyong credit rating.

Ang rekord ng mga hindi pa nababayarang sobrang bayad ay pinapanatili ng anim na taon man lamang. Kung ikaw ay may iba pang claim sa WCB sa hinaharap, maaari naming ibawas ang hindi nabayarang sobrang bayad mula sa mga benepisyong iyon.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa [wcb.mb.ca](http://wcb.mb.ca).